

NANINIWALA AKO NA MAY NAGPAKITA SA AKIN NG DISKRIMINASYON DAHIL SA AKING KAPANSANAN. ANO ANG DAPAT KONG GAWIN?

Ang lahat ay pinauunlakang gumamit ng mga serbisyo ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane). Ang lahat ng sasakyan at pasilidad ng STA ay puwedeng i-access ng mga taong may kapansanan. Gayunman, maaaring may sitwasyon kung saan naramdaman mong may nagpakita sa iyo ng diskriminasyon nang dahil sa iyong kapansanan o problema sa paggalaw. Protektado ang iyong mga karapatang sibil sa ilalim ng Americans with Disabilities Act (ADA, Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Kung naniniwala ka na batay sa iyong kapansanan, nagpakita ng diskriminasyon ang STA laban sa iyo sa mga serbisyo o pasilidad nito, gusto naming malaman ang tungkol sa insidenteng ito sa lalong madaling panahon.

Mas mabuti kung mas maaga mong maisusumite ang iyong reklamo ng diskriminasyon. Maraming camera na nagrerekord ng video sa mga sasakyan at pasilidad ng Spokane Transit. Puwedeng makatulong nang malaki ang video kapag nagsisiyasat ng isang paghahabol tungkol sa diskriminasyon. Gayunman, naka-loop ang video at kalaunan, matatabunan na ito ng bagong irekord.

Puwede kang magsumite ng reklamong naghihinala ng diskriminasyon batay sa kapansanan sa maraming paraan.

1. Ang mainam na paraan para matanggap ng STA ang isang reklamo ay sa pamamagitan ng sulat (o sa naa-access na format na ginagamit mo) o email sa STA Ombudsman at Opisyal para sa Accessibility. Ang email address ay ombudsman@spokanetransit.com. Ang padadalhang address ay 1230 West Boone Avenue, Spokane, WA 99201.
2. Puwede ka ring magsumite ng reklamo gamit ang form ng komento ng STA sa <https://www.spokanetransit.com/feedback/sta-questions-comments>. Siguruhin at sabihin na nagsusumite ka ng reklamo sa ADA, upang maipasa kaagad ang iyong reklamo sa Opisyal para sa Accessibility.
3. Ikatutuwa ng isang Customer Service Representative sa Plaza na tulungan kang isulat ang iyong reklamo. Siguruhing alam ng Rep na isa itong reklamo sa ADA, upang maipadala ito sa Opisyal para sa Accessibility.
4. Malaya kang makatatawag sa Opisyal para sa Accessibility sa (509) 325-6094, TTY 711. Kung ididirekta ka sa voice mail, mag-iwan ng detalyadong mensahe at numero ng iyong telepono upang matawagan ka ng Opisyal para sa Accessibility.

Ang pinakamaiinam na reklamo ay may taglay na *napakaraming* impormasyon. Narito ang ilang ideya para sa kapaki-pakinabang na impormasyon:

Ang iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Saan ito nangyari? Nasa loob ka ba ng bus o van? Alam mo ba ang numero ng bus o van?

Ano ang petsa?

Anong oras ito?

Nasa anong ruta ka?

Saan ka papunta?

Nasa isang pasilidad ka ba ng STA, halimbawa, sa Plaza o sa Valley Transit Center?

Nakipag-usap ka ba sa isang empleyado ng STA, halimbawa isang operator ng bus o Opisyal ng Transit?

Puwede mo bang ilarawan ang taong nakausap mo – lalaki/babae; maliit/matangkad; may balbas/walang balbas, atbp.?

At panghuli, pero hindi ang pinakahindi mahalaga, ano ang nangyari?

PAGKATAPOS, ANO'NG NANGYARI?

Pagkatanggap sa iyong reklamo ng diskriminasyon, makikipag-ugnayan sa iyo ang Opisyal para sa Accessibility upang ipaalam sa iyo na natanggap na ang reklamo at nagsimula na ang pagsisiyasat sa reklamo. Ang layunin ay lutasin ang bawat reklamo sa loob ng 21 araw. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Opisyal para sa Accessibility at ipaalam sa iyo kung magtatagal pa ang pagsisiyasat.

Kapag tapos na ang pagsisiyasat, makikipag-ugnayan sa iyo ang Opisyal para sa Accessibility at ipaalam sa iyo ang resulta ng pagsisiyasat. Makabubuti kung hihingi ng sagot sa isang sulat. Ang iyong reklamo at ang resolusyon nito ay ilalagay at itatabi sa talaan ng Spokane Transit sa loob ng hindi bababa sa anim na taon. Pakitandaan na ang lahat ng reklamo ay puwedeng matuklasan kung hihilingin ito bilang pampublikong talaan sa Opisyal para sa Pampublikong Talaan ng Spokane Transit.

PAANO KUNG HINDI AKO SANG-AYON SA MGA RESULTA NG PAGSISIYASAT?

Ang unang hakbang ay makipagpulong sa Opisyal para sa Accessibility upang masuri ninyo ang iyong reklamo ng diskriminasyon at ang pagsisiyasat. Maaaring gusto mong makita ang video, kung mayroon man. Susuriin ninyong dalawa ang bahagi ng ADA na may kinalaman sa iyong reklamo. Kung magresulta ang iyong pulong sa kongklusyong naiiba sa orihinal na desisyon, ibibigay sa iyo ng Opisyal para sa Accessibility ang pagbabagong iyon sa isang sulat.

Kung hindi ka pa rin nasisiyahan sa mga resulta, puwede kang humiling ng apela sa Punong Tagapagpaganap (CEO) ng STA. Makikipagpulong kayo ng Opisyal para sa Accessibility, sa CEO upang ipasuri ang iyong reklamo at ang pagsisiyasat. Magbibigay ang CEO ng pinal na desisyon tungkol sa iyong reklamo sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagpupulong.

ISANG HULING PAALALA

Ipaalam sa STA ang tungkol sa iyong reklamo sa lalong madaling panahon. Mahalagang malaman na ang STA ay hindi nagsisiyasat ng mga reklamong natanggap nang lampas na sa 180 araw mula nang mangyari ang hinihinalang insidente.

Tinitiyak ng Spokane Transit na wala itong ipakikitang diskriminasyon alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act (Batas sa mga Karapatang Sibil) ng 1964 at Americans with Disabilities Act (Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan). Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa www.spokanetransit.com. Ang lahat ng numero ng telepono ay puwedeng i-access ng mga taong bingi o nahihirapang makarinig sa pamamagitan ng Relay 711. Kung hihilingin, gagawa ng mga alternatibong format ng dokumentong ito para sa mga taong may kapansanan. Tumawag sa (509) 325-6094 o mag-email sa ombudsman@spokanetransit.com.